Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**Rehiyong Isla ng Negros**
***SANGAY NG NEGROS ORIENTAL***
Siyudad ng Dumaguete

Marso 3, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 172 ,s. 2016

IKA-APAT NA MARKAHANG PAGSASAGAWA NG PASALITANG PAGBASA (ORV)
PARA SA IKA- 2 - 10 NA BAITANG

PARA SA : Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok

---

1. Ipinapaalala ng opisinang ito ang pagsasagawa ng Ika-apat na Markahang Pasalitang Pagbasa (ORV) na gagawin sa buwan ng Marso 7-22, 2016.

2. Kalakip ng memorandum na ito ang mga sipi ng babasahing papel para sa baitang 2 hanggang baitang 10.

3. Inaasahan ang pagsumite ng pandistritong resulta nito ngayong ika-2 ng Abril 2016 gamit ang mga pormang ipinamigay ng dibisyon. Hinihikayat ang lahat na sundin ang mga panuntunan sa pagsasagawa ng pasalitang pagbasa.

4. Karagdagan, tinatawagang pansin ang mga DSS sa Filipino o koordineytor na dadalo sa konperensya ng mga DSS sa Filipino/koordineytor ngayong ika-8 ng Marso 2016 na gaganapin sa dibisyon sa may 1:00 ng hapon.

5. Ang memorandum na ito ay magsisilbing travel order.

6. Malawak at maagap na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**LELANIE T. CABRERA, CESE**
Tagapangasiwa ng Dibisyon

MAR 2016

**PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO**

**BAITANG 2 – IKA-APAT NA MARKAHAN**

Panuto: Basahin nang tahimik ang seleksyon. Matapos magbasa, isulat ang oras na nagugol sa pagbasa. Basahin at sagutin ang mga tanong.

## Ang Daga at Keso

Nais ng daga na kainin ang keso sa ibabaw ng mesa. Dahan-dahan itong lumapit at inamoy-amoy ang keso. Ang hindi alam ng daga ay pain lang ito ni Mang Berto na matagal na nag-aabang sa paglapit niya.

"Plak!," malakas na tunog ang narinig nito. Bumagsak sa sahig ang kawawang daga. Dinampot ito ni Mang Berto at ibinaon sa lupa.

**Mga Tanong:**

**Literal**

1. Ano ang nakita ng daga sa ibabaw ng mesa?

   *Sagot*: Keso

2. Sino kaya ang pumalo sa daga?

   *Sagot*: Mang Berto

3. Ano ang pamagat ng kuwento?

   *Sagot*: Ang Daga at Ang Keso

**Pagpapakahulugan**

4. Bakit kaya pinainan ng keso ang daga?

   *Sagot*: Para madaling patayin

5. Bakit dapat puksain ang daga?

   *Maaring Sagot:*

   a. Dahil nagbibigay ng sakit ang ihi ng daga

   b.Dahil nag-iingay ito sa kesame ng bahay

**Paglalapat**

6. Bumaha sa inyong lugar dahil sa bagyo. Alam mong maraming daga sa inyong lugar. Ano ang gagwin mo?

   *Maaring Sagot:*

   a. Hindi na ako maglalaro sa tubig baha

   b. Magtatampisaw ako sa tubig baha

   c. Maglalangoy ako sa tubig baha

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

7. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa paglipol ng daga sa inyong bahay?

   *Maaring Sagot*:

   a. Maglinis sa paligid

   b. Susundin ko ang aking magulang

   c. Maglalagay ako ng panghuli ng daga

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

## Ang Daga at Keso

Nais ng daga na kainin ang keso sa ibabaw ng mesa. Dahan-dahan itong lumapit at inamoy-amoy ang keso. Ang hindi alam ng daga ay pain lang ito ni Mang Berto na matagal na nag-aabang sa paglapit niya.

"Plak!," malakas na tunog ang narinig nito. Bumagsak sa sahig ang kawawang daga. Dinampot ito ni Mang Berto at ibinaon sa lupa.

**PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO**

**BAITANG 3 – IKA-APAT NA MARKAHAN**

**Panuto:** Basahin nang tahimik ang seleksyon. Matapos magbasa, isulat ang oras na nagugol sa pagbasa. Basahin at sagutin ang mga tanong.

**PAGDIWATA**

Pagdiwata ang pistang pasasalamat ng mga minoryang Tagbanua ang dahil sa masaganang ani kanilang tinamasa. Matatagpuan ito sa Palawan. Pag-aalay ng inumin at pagkain sa mga pumanaw na kamag-anak ang paraan ng kanilang ritwal. Pinaniniwalan ng mga minoryang Tagbanua na nababahaginan ang mga ispiritu ng namayapa.

Pagkatapos ng anihan, nagtitipun-tipon sila sa bahay ng babaylan. Itinuturing nilang pinuno ang Babaylan. Sa saliw ng tugtog ng tambol, sasayaw ang Babaylan. Magsisimula sa banayad tungo sa marahas na pagsayaw sa paniniwalang naitataboy ang masamang ispiritu.

Matapos itaboy ang masasamang ispiritu, sisimulan ng Babaylan ang ritwal. Sa pamamagitan ng pag-aalay ng manok, alak-bigas ipinahihiwatig na mabubuting ispiritu ang kasama nila. Ang unang paglagok o pag-inom ng Babaylan ng alak-bigas ay hudyat ng kasiyahan na tinatanggap ng mabubuting ispiritu ang kanilang mga alay.

**Mga Tanong**

**Literal**

1. Ano ang tawag sa pistang isinasagawa ng mga minoryang Tagbanua?

   *Sagot*: Pagdiwata

2. Ano-ano ang iniaalay ng mga Tagbanua sa mga espiritu?

   *Sagot*: pagkain at alak

3. Saan nagtitipun-tipon ang mga Tagbanua pagkatapos ng anihan?

   *Sagot*: sa bahay ng babaylan

**Pagpapakahulugan**

4. Bakit isinasagawa ang Pagdiwata?

   *Sagot*: Upang kausapin ang mga pumanaw na kaanak

5. Paano itinataboy ang mga masasamang espiritu ng Babaylan?

   *Sagot*: Sa pamamagitan ng kasiyahan

**Paglalapat**

6. Dapat ba nating ipagpasalamat ang kasaganaang ating nakakamtan?

   *Maaring Sagot*: Oo,sapagkat hindi lahat ng tao ay nagkakamit ng kasaganaan

7. Kung isa kang Tagbanua, makikiisa ka ba sa pagsasagawa ng Pagdiwata?

   *Maaring Sagot*: Oo, upang makasama ako sa kasayahan

   Oo, sapagkat nararapat nating ipagmalaki ang ating sariling kultura

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

## PAGDIWATA

Pagdiwata ang pistang pasasalamat ng mga minoryang Tagbanua ang dahil sa masaganang ani kanilang tinamasa. Matatagpuan ito sa Palawan. Pag-aalay ng inumin at pagkain sa mga pumanaw na kamag-anak ang paraan ng kanilang ritwal. Pinaniniwalan ng mga minoryang Tagbanua na nababahaginan ang mga ispiritu ng namayapa.

Pagkatapos ng anihan, nagtitipun-tipon sila sa bahay ng babaylan. Itinuturing nilang pinuno ang Babaylan. Sa saliw ng tugtog ng tambol, sasayaw ang Babaylan. Magsisimula sa banayad tungo sa marahas na pagsayaw sa paniniwalang naitataboy ang masamang ispiritu.

Matapos itaboy ang masasamang ispiritu, sisimulan ng Babaylan ang ritwal. Sa pamamagitan ng pag-aalay ng manok, alak-bigas ipinahihiwatig na mabubuting ispiritu ang kasama nila. Ang unang paglagok o pag-inom ng Babaylan ng alak-bigas ay hudyat ng kasiyahan na tinatanggap ng mabubuting ispiritu ang kanilang mga alay.

**PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO**

**BAITANG 4 – IKA-APAT NA MARKAHAN**

Panuto: Basahin nang tahimik ang seleksyon. Matapos magbasa, isulat ang oras na nagugol sa pagbasa. Basahin at sagutin ang mga tanong.

**Iba si Inay**

Ilang araw nang napupuna ni Carlo na gabi kung umuwi ang ina at maraming mga dalang laruan.

"Anak tulungan mo akong buhatin ang kahon na ito," wika ni Gng. Ocampo.

"Inay, bakit gabi na kayong umuwi? Akin po ba ang mga ito?," tanong niya.

Hindi sumagot ang kanyang ina, bagkus tinanong siya nito kung siya ay nakakain at nakapaglinis na ng katawan.

"Kung ganun matulog ka na at maaga kang gumising bukas. Maaga kang maligo at kumain ng almusal at may pupuntahan tayo," mariin nitong sinabi.

Maaga pa ay sakay na sila ng kanilang kotse. Iniisip ni Carlo kung saan sila pupunta. Huminto ang sasakyan sa harap ng isang malaking gusali at pagbaba nila ay sinalubong sila ni Sister Nanet, ang madre sa ampunan at ang mga batang nakatira roon.

Gr. IV
Bilang ng mga salita: 170

**Mga Tanong:**

**Literal**

1. Sino ang madalas umuwi ng gabi?

   *Sagot*: Nanay

2. Ano ang binili ni Gng. Ocampo?

   *Sagot*: mga laruan

3. Saan pumunta si Carlo at Gng. Ocampo sa Araw ng mga Ina?

   *Sagot*: Bahay-ampunan

**Pagpapakahulugan**

4. Bakit binilhan ni Gng. Ocampo ng laruan ang mga bata?

   *Maaring Sagot*: Dahil mahilig ang mga bata sa laruan

5. Paano ipinagdiriwang ni Gng. Ocampo ang Araw ng mga Ina?

   *Maaring Sagot*: Nagbigay siya ng mga regalo sa mga bata sa ampunan

**Paglalapat**

6. Ano kaya ang naramdaman ng mga bata sa bahay-ampunan sa ginawa ni Gng. Ocampo?

   *Sagot*: Masaya

7. Kung ikaw si Carlo, ano ang masasabi mo kay Gng. Ocampo?

   *Sagot*: Kahanga-hanga siya

8. Malapit na ang Araw ng mga Ina, bukod sa ginawa ni Gng. Ocampo, ano ang isusuhestiyon mong paraan sa iyong ina sa pagdiriwang na makakatulong sa kapwa?

   *Maaring Sagot:*

   Bibisita sa tahanan ng mga matatanda (*Home for the Aged*) at kukuwentuhan sila

## Iba si Inay

Ilang araw nang napupuna ni Carlo na gabi kung umuwi ang ina at maraming mga dalang laruan.

"Anak tulungan mo akong buhatin ang kahon na ito," wika ni Gng. Ocampo.

"Inay, bakit gabi na kayong umuwi? Akin po ba ang mga ito?," tanong niya.

Hindi sumagot ang kanyang ina, bagkus tinanong siya nito kung siya ay nakakain at nakapaglinis na ng katawan.

"Kung ganun matulog ka na at maaga kang gumising bukas. Maaga kang maligo at kumain ng almusal at may pupuntahan tayo," mariin nitong sinabi.

Maaga pa ay sakay na sila ng kanilang kotse. Iniisip ni Carlo kung saan sila pupunta. Huminto ang sasakyan sa harap ng isang malaking gusali at pagbaba nila ay sinalubong sila ni Sister Nanet, ang madre sa ampunan at ang mga batang nakatira roon.

**PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO**

**BAITANG 5 – IKA-APAT NA MARKAHAN**

**Panuto:** Basahin nang tahimik ang seleksyon. Matapos magbasa, isulat ang oras na nagugol sa pagbasa. Basahin at sagutin ang mga tanong.

**Loboc Choir, Nagtagumpay sa Europa!**

Isang karangalan na naman para sa Pilipinas ang pagwawagi ng *Loboc Children's Choir* ng dalawang pangunahing gantimpala mula sa *Europe and it's Songs 6th International Folksong Choir Festival* na ginanap sa Barcelona, Spain noong Setyembre 2003.

Nagwagi ang pangkat ng Unang Gantimpala sa puntos na 97.5 sa kategoryang *Children's Choir*. Ipinagkaloob pa sa kanila ng mga hurado ang titulong *Europe and It's Songs 2003 Cup.*

Inawit ng Loboc Children's Choir ang mga awiting Ampeu Se-lo (James Swu); Ugoy sa Duyan (Lucio San Pedro), La Pastoreta na isinaayos ni Ed Manguiat; Leron, Leron Sinta at Ave Maria (Gustav Holst). Ang koro ay ginabayan ni Bb. Alma Fernando Taldo sa saliw ng pyano ni Bb. Baby Lina Jala. Hinangaan at pinalakpakan sila ng mga manonood sa Europa at ng 12 iba pang kalahok.

Sadyang kamangha-mangha ang pag-awit ng Loboc Children's Choir dahil nagawa nilang mangibabaw sa iba pang korong mas matanda sa kanila mula sa pakikinig sa kanilang awiting ang hatid ay kapayapaan, kaligayahan at pag-ibig.

Gr. V
Bilang ng mga salita: 164

**Mga Tanong:**

1. Anong titulo ang napagwagian ng Loboc Children's Choir?

   *Sagot*: Europe and It's Songs 6th International Folksong Choir Festival

2. Ilan ang nakatunggali ng Loboc Children's Choir sa paligsahan?

   *Sagot*: 12

3. Saan naganap ang paligsahan?

   *Sagot*: Spain

**Pagpapakahulugan**

4. Kung ikaw ay miyembro ng Loboc Children's Choir, ano kaya ang dapat mong maging gawin matapos ninyong manalo sa timpalak?

   Maaring Sagot: Maging mapagkumbaba

   (Tanggapin ang iba pang tamang sagot)

5. Alin sa mga sumusunod ang maaaring sikreto ng tagumpay ng Loboc Children's Choir?

   *Maaring Sagot:*

   a. Mababait ang mga batang choir.

   b. May damdaming makabayan ang mga bata.

   c. Magaling umawit ang mga bata.

6. Ano kaya ang dahilan at nabihag ng Loboc Children's Choir ang puso ng mga manonood at hurado?

   *Maaring Sagot:*

   a. Magaling si Bb. Alma Fernando Taldo.

   b. May mahalagang mensahe ang kanilang pag-awit.

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

**Paglalapat**

7. Ano ang dapat gawin ng pamahalaan upang dumami pa ang mga katulad ng Loboc Children's Choir?

   *Maaring Sagot:*

   a. Hikayatin ang iba pang mga bata na sumali sa mga koro.

   b. Magtaguyod ng isang programa para sa korong tulad nila.

   c. Magpadala pa ng mga mang-aawit sa mga paligsahan sa ibang bansa.

8. Kung makakaharap at makakausap mo ang Loboc Children's Choir, alin sa mga sumusunod ang pinakamagandang sabihin sa kanila?

   *Maaring Sagot:*

   "Kahanga-hanga ang inyong ipinamalas na galing!"

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

**Loboc Choir, Nagtagumpay sa Europa!**

Isang karangalan na naman para sa Pilipinas ang pagwawagi ng *Loboc Children's Choir* ng dalawang pangunahing gantimpala mula sa *Europe and it's Songs 6th International Folksong Choir Festival* na ginanap sa Barcelona, Spain noong Setyembre 2003.

Nagwagi ang pangkat ng Unang Gantimpala sa puntos na 97.5 sa kategoryang *Children's Choir*. Ipinagkaloob pa sa kanila ng mga hurado ang titulong *Europe and It's Songs 2003 Cup.*

Inawit ng Loboc Children's Choir ang mga awiting Ampeu Se-lo (James Swu); Ugoy sa Duyan (Lucio San Pedro), La Pastoreta na isinaayos ni Ed Manguiat; Leron, Leron Sinta at Ave Maria (Gustav Holst). Ang koro ay ginabayan ni Bb. Alma Fernando Taldo sa saliw ng pyano ni Bb. Baby Lina Jala. Hinangaan at pinalakpakan sila ng mga manonood sa Europa at ng 12 iba pang kalahok.

Sadyang kamangha-mangha ang pag-awit ng Loboc Children's Choir dahil nagawa nilang mangibabaw sa iba pang korong mas matanda sa kanila mula sa pakikinig sa kanilang awiting ang hatid ay kapayapaan, kaligayahan at pag-ibig.

**PILING SIPI NG PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO**

**BAITANG 6 – IKA-APAT NA MARKAHAN**

**Panuto**: Basahin nang tahimik ang seleksyon. Matapos magbasa, isulat ang oras na nagugol sa pagbasa. Basahin at sagutin ang mga tanong.

**Ang Pagsilang ng Malawak na Kalawakan**

Paano nga ba nabuo ang ating kalawakan? Paano nabuo ang mga planeta at mga bituin? Alin sa mga paniniwala tungkol dito ang iyong sinasang-ayunan?

Ang pagkakabuo ng ating kalawakan ay bahagi ng pagbubuo ng mga bituin. Pinaniniwalaan ng mga sayantipiko ang mga sumusunod na proseso:

1. Nagsimula ang ating kalawakan sa pagsabog ng malaking bulto ng gas at alikabok na nagsiksikan dahil sa hila ng grabidad;
2. Nagkahiwa-hiwalay, nagliitan at naging mga bituin ang mga sumabog na bahagi;
3. Nanatili ang pag-ikot ng mga ulap sa rebolusyon ng nabuong disko at rotasyon ng mga bituin;
4. Nagbunga ng isang kalipunan ng mga planeta ang mga hindi nagtagpo o magkalihis na bahagi; at
5. Sa huli, nabuo bilang mga bituin, kometa, meteoroid at asteroid ang iba pang mga bahaging hindi kabilang sa mga hindi nagtagpo o magkalihis.

Sa paglipas ng panahon, ang prosesong ito ang pinaniniwalaan ng maraming eksperto at sayantipiko bagama't may mga iba pang paniniwala tungkol dito. Patuloy ang pananaliksik ng tao upang ganap na mapatunayan ito, ngunit sa ngayon, ang mahalaga ay may mga batayan tayo ng pagkakabuo ng ating kalawakan.

Baitang VI
Bilang ng mga salita: 189

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pamagat ng teksto?

   *Sagot*: Ang Pagsilang ng Malawak na Kalawakan

2. Alin sa mga sumusunod ang simula ng pagkakabuo ng kalawakan?

   *Sagot*: pagsabog ng malaking bulto ng gas at alikabok bunga ng grabidad

3. Sino-sino ang naniniwala sa prosesong inilahad tungkol sa pagkakabuo ng planeta?

   *Sagot*: eksperto at sayantipiko

**Pagpapakahulun**

4. Sa lahat ng mga paniniwala o teorya tungkol sa pagkabuo ng kalawakan, bakit kaya ito ang higit na pinaniniwalaan ng karamihan?

   *Sagot:* Maraming pag-aaral ang maaaring makapagpatunay dito.

5. Bakit hindi lahat ay naniniwala sa prosesong inilahad tungkol sa pagkabuo ng kalawakan?

   *Maaring Sagot:*

   a. Hindi pa sapat ang mga pag-aaral upang mapatunayan ito.

   b. May ibang paniniwala sa pagkakabuo ng kalawakan na mas sinasang-ayunan .

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

6. Bakit kailangang patuloy na manaliksik para sa paniniwala sa pagkakabuo ng kalawakan?

   *Maaring Sagot:*

   a. Nang mapaunlad pa ang mga pamamaraan sa pananaliksik.

   b. Upang makakuha pa ng mga ebidensya na makapagpapatunay dito.

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

**Paglalapat**

7. Alin sa mga sumusunod ang dapat paniwalaan tungkol sa pagkabuo ng ating kalawakan?

   *Maaring Sagot:*

   Nabuo ito sa pamamagitan ng prosesong nilikha ng Diyos.

8. Ano ang dapat gawin ng mga sayantipiko at relihiyoso tungkol sa paniniwala sa pagkabuo ng kalawakan?

   *Maaring Sagot:*

   Magtulungan sa pagtuklas sa tunay na pinagmulan ng ating kalawakan.

   (Tanggapin ang ano mang sagot na may kaugnayan sa tanong)

## Ang Pagsilang ng Malawak na Kalawakan

Paano nga ba nabuo ang ating kalawakan? Paano nabuo ang mga planeta at mga bituin? Alin sa mga paniniwala tungkol dito ang iyong sinasang-ayunan?

Ang pagkakabuo ng ating kalawakan ay bahagi ng pagbubuo ng mga bituin. Pinaniniwalaan ng mga sayantipiko ang mga sumusunod na proseso:

1. Nagsimula ang ating kalawakan sa pagsabog ng malaking bulto ng gas at alikabok na nagsiksikan dahil sa hila ng grabidad;
2. Nagkahiwa-hiwalay, nagliitan at naging mga bituin ang mga sumabog na bahagi;
3. Nanatili ang pag-ikot ng mga ulap sa rebolusyon ng nabuong disko at rotasyon ng mga bituin;
4. Nagbunga ng isang kalipunan ng mga planeta ang mga hindi nagtagpo o magkalihis na bahagi; at
5. Sa huli, nabuo bilang mga bituin, kometa, meteoroid at asteroid ang iba pang mga bahaging hindi kabilang sa mga hindi nagtagpo o magkalihis.

Sa paglipas ng panahon, ang prosesong ito ang pinaniniwalaan ng maraming eksperto at sayantipiko bagama't may mga iba pang paniniwala tungkol dito. Patuloy ang pananaliksik ng tao upang ganap na mapatunayan ito, ngunit sa ngayon, ang mahalaga ay may mga batayan tayo ng pagkakabuo ng ating kalawakan.

**ORV READING PASSAGE (FILIPINO)**

**GRADE 7 - IKA-APAT NA MARKAHAN**

**Bayan Ko, Ipaglaban Ko**

Ni: Marie Grace P. Abot

Noong unang panahon, sa bayan ng Dasmarinas, makikita ang katahimikan ng lugar. Kakaunti pa lamang ang tao. Malawak ang paligid. Mataas pa ang mga damo. Madalang pa ang pagdaan ng mga sasakyan papuntang Maynila, kaya ang mga taong nagtatrabaho doon ay nahihirapan, dahil kailangan nilang gumising nang madaling-araw paraa maagang makaluwas ng Maynila.

Isang araw, nagkita sina Mang Tomas at Mang Pedring habang papaluwas. " Mang Tomas, kumusta ang luwas natin sa Maynila? Malaki ba ang kinita natin?" "Hay naku! Mang Pedring, 'pag minalas ka nga naman, hindi sasapat ang iyong kinikita para lamang sa inyong pamilya. E, ikaw ba ay suwerte?"

"Huwag mo nang itanong at pareho lamang tayo! Alam mo ba naiisip ko parang walang mangyayari sa atin kung parati tayong ganito. Malabo tayong umasenso sa hirap ng buhay. Kung may maliit sana tayong mapagkakakitaan kapag hindi tayo lumuluwas."

Sa simula, mahina ang kanilang benta, ngunit sa katagalan, naging mabili na rin at lalong dumami nang dumami ang kanilang suki. Katulong ni Mang Tomas sa pagtitinda ng gulay ang kanyang asawang si Aling Binang at ang dalawa nilang anak na sina Leann at bitoy. Masaya ang mag-anak sa kanilang ginagawa.

Sa kabilang dako, makikita rin ang kaabalahan sa pagtitinda ng isda, baboy, at manok nina Mang Pedring at ang asawa nitong si Aling Pilar,

kasama rin ang kanilang nag-iisang anak na si Jona.

**Mga tanong:**

1. Sino-sino ang lumuwas sa Maynila?
2. Saan nangyari ang kuwento?
3. Ano ang napagkasunduan nilang itayo para magkaroon ng ibang kita?
4. Paano nakatulong ang maliit nilang kita sa pagluwas ng Maynila, sa pagdidisisyon na gumawa ng bagong pagkakakitaan?
5. Kung ikaw si Mang Tomas, ano kaya ang iyong gagawin?
6. Paano makatutulong sa pag-angat ng buhay ang iyong karanasan?

# ORV READING PASSAGE (FILIPINO)

## GRADE 8 - IKA-APAT NA MARKAHAN

### Minsan May Babangong Higit sa Pag-ibig

Ni: Aloha T. Reyes

Paglabas ni Anton, hindi halos makapagsalita si anita. Hindi niya alam kung papaano niya sisimulan ang kanyang sasabihin. Gayon din naman si Anton na gulat na gulat at halatang hindi mapakali. " Kamusta ka na? Buhay ka pa pala! Oh, ano mananahimik ka na lang ba? Para kang naputulan ng pagkalalaki ha?

Doon na lamang tila nagising si Anton. "Bakit kailangan mo pang pumunta dito? Hindi pa ba maliwanag sa iyo ang lahat ng sinabi ko? Hindi ko aakuin ang bata dahil hindi ko naman gusto na magkaanak ka. Ano ba nag sabi ko sa 'yo gumamit ka ng contraceptive, hindi ka naman lang nag-ingat."

Namula ang mukha ni Anita sa galit dahil napakatanga niya. Talagang hindi niya inaakalang ang lalaking minamahal niya ay walang prinsipyo sa buhay. At hindi hindi tunay na lalaki. "Ganon ba? Pasensya ka na ha, kasi ang tanga-tanga ko at dahil po mahal kita , mabuti pang huwag ka nang magpakita pa sa akin hangga't nabubuhay ako. At ito ang tatandaan mo, kung ano ang sakit na naramdaman ko, mas higit pa ang mararanasan mo.

**Mga Tanong:**

1. Sino kinausap ni Anita?
2. Ano ang ipapagamit kay Anita para hindi mabuntis?
3. Anong klasing boyfriend si Anton?
4. Ano ang hindi napagkasunduan ng dalawa?
5. Kung ikaw si Anton ganon din ba ang iyong gagawin?
6. Bakit kailangang pag-usapan ang tungkol sa pagmamahalan?

# ORV READING PASSAGE (FILIPINO)

## GRADE 9 - IKA-APAT NA MARKAHAN

### Pag-ibig

(Mula sa Mga Taga-Roma)

Ang pag-ibig ay kailangang maging tapat.

Kasuklaman ninyo ang masama ngunit pahalagahan ang mabuti.

Mag-ibigan kayo parang tunay na magkakapatid.

Parangalan ninyo ang inyong kapwa nang higit sa inyong sarili.

Magpakasipag kayo at panatilihin ang kasiglahang espiritwal sa paglilingkod sa Panginoon.

Magalak kayo sa pag-asa, maging matiisin sa kapighatian, at matiyaga sa panalangin.

Tulungan ninyo ang inyong tahanan para sa lahat.

Pagpalain ninyo ang mga umuusig sa inyo; pagpalain ninyo at huwag sumpain.

Makigalak kayo sa mga nagagalak; makiramay sa mga tumatangis.

Makisama kayong mabuti sa iba. Huwag kayong magmamataas, bagkus ay makibagay sa mga nasa abang kalagayan. Huwag kayong palalo.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Ano ang kailangan ng isang pag-ibig?
3. Ano ang layon ng may-akda sa kanyang tula?
4. Ano ang tono ng tula?
5. Bakit importante sa isang tao ang pag-ibig?
6. Paano mo maipapakita sa iyong kapwa ang diwa ng pag-ibig?

**ORV READING PASSAGE (FILIPINO)**

**GRADE 10 - IKA-APAT NA MARKAHAN**

**Mga Huwad na Birhen**

Ni: Joey A. Arrogante

"Patay na ang mga ilaw sa kabahayan maliban sa isang maliit na lampshade na bahagyang tumatanglaw sa kuwarto.

Inaakala ni Carmen n atulog na si Orpha kaya hindi na siya nagtawag pang ipabukas ang pinto.

Duplikado naman ang susi at tig-isa pa sila ni Rosita. Gaya ng nakaugalian na ng dalawa, may uwi silang pumpon ng mga rosas at mga kuwintas na sampaguita.

Pagkalapag ng pagkalapag ng mga karga-karga sa sofa, na sinabayan ni Carmen ng bagsak-upong pasandal, agad tinungo ni Rosita ang altar, kinuha ang kristal na flower vase na nilalaglagan na ng mga talutot ng dating nalalanta nang mga rosas, pinalitan ito ng tubig, at inilagay ang dala.

Iniaalay niya na ito sa paraan ng Virgen de los Remedios nang tumayo naman si Carmen para isabit ang bitbit na mga kuwintas na na sampaguita sa leeg ng nakakrusipihong Hesus, at saka nila pinagtig-isahang sindihan ang dalawang kandilang nakakandelaryong tanso sa magkabilang gilid ng maliit nilang altar.

Sabay din silang yumuko, tahimik na nag-aantanda at nagdasal.

Pagkatapos, ng mga seremonya, nagtuluy-tuloy na agad si carmen sa kuwarto para magpalit ng pambahay niyang t-shirt at short pants, tuloy, tingnan na rin si Orpha."

**Mga Tanong:**

1. Sino ang sumulat ng kwento?
2. Sino ang inakalang tulog na upang ipagbukas nito ang pinto?
3. Tungkol saan ang naturang kwento?
4. Bakit palaging ginagabi si Carmen sa pag-uwi?
5. Ano ang masasabi mo sa mga taong nagbebenta ng aliw para maitawid ang buhay?
6. Paano mo kaya sila matutulungan?